

## **Mapagkalinga't May Damayan na Kampus: Ang Kahalagahan ng Susunod na Tatlong Taon sa Buhay ng UP Diliman**

Bisyong Papel ni Roland B. Tolentino, UP Kolehiyo ng Komunikasyong Pangmadla

Maigsi ang susunod na tatlong taon para sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman ngunit may kailangan itong isaayos at isakatuparan para sa napapanahong redefinisyong dangal, kagalingan at serbisyo publiko (honor, excellence, public service). Sa akademikong kagalingan, kailangan nang masusing maayos ng UP Diliman ang General Education (GE) program na nag-ooptimisa sa best practices ng kasalukuyan at makabuluhang layon sa hinaharap tungo sa foundational liberal arts education. Ii-interface ang GE program ng UP Diliman sa iba pang kampus sa UP System nang magkaroon ng madulas na daloy ang mga programa at pagkatuto ng mag-aaral, alinsunod sa aspirasyon ng One UP. Kailangan ding itulak ang curricular review ng lahat ng programa alinsunod naman sa post-K-12 na bumago sa batayang edukasyon.

Sa usapin ng libreng edukasyon sa tertiaryong antas para sa state colleges and universities (SUCs) sa pagpasok ng akademikong taon ng 2017-18, nangangailangan ng ibayong pagpupursigi para gawing institusyonal ang polisiyang ito, pati ang pagsasalibre ng malaki't mabigat na miscellaneous fees. Gayundin sa usapin ng kontraktuwalisasyon, kailangang maging modelo ang UP sa praktis laban sa usaping ito. Pag-aaralan kung paano maisaregular ang kontraktuwal na manggagawa, kundi man ay may katumbas na benefisyo kahalintulad ng regular na manggagawa sa UP Diliman.

Ang bisyon ko sa chancellorship ay pagsasakatuparan ng mapagkalinga (nurturing) at may damayan (compassion) na pamunuan tungo sa napanahong redefinisyong dangal, kagalingan at serbisyo publiko. Magagawa ito kung magkakaroon ng demokratikong konsultasyon at magiging mapagpasya sa mga desisyon. Kailangang mag-level up ang mga administratibong kalakaran (enrollment, prerogative, appeals process, promotion, at iba pa) para mas maagap na nakakatugon sa pang-araw-araw at pangmatagalang operasyon ng kampus na may higit na positibong pagtugon sa konsern at isyu ng mga mag-aaral, fakulti, kawani, REPS at alumni. Sa pisikal na kalikasan, kailangang may kumpiyansa ang mga individual na ligtas at pro-aktibong nakakatugon ang fasilidad at resources para sa dangal, akademikong kagalingan at serbisyo publiko.

Kung may linaw ang mga operasyon, angkop at ligtas ang mga fasilidad, napapanahon ang mga konsultasyon at desisyon, magkakaroon ng kulturang unibersidad na may tiwala, maayos ang pakikitungko't pakikipagkapwa. Mababawasan ang atomisasyon ng mga disiplina't unit, at lalong maisasakatuparan ang interdisiplinaryong pananaliksik, kolaborasyon at pag-unlad na napapanahong kahilingan sa higit na pag-angat ng UP. Ang nakagawiang pananaw sa pamumuno, administrasyon at pagpapatupad ng polisiya ay sumasagka sa kultura ng inobasyon, pakikipagkapwa, akademikong kagalingan at serbisyo publiko. Para magkaroon ng dangal, kailangan itaguyod ang mapagkalinga't may damayan na kultura sa UP. Ang ganitong paradigmaticong pagbabago sa kultura ang siya ring magdudulot ng mas napapanahon at makabuluhang serbisyo publiko ng UP.

Walang ibang panahon kundi ang kasalukuyang ngayon. May pangangailangan ng madaliang (urgent) at hindi mapag-alinlangan (decisive) na pagkilos sa saklaw ng mga isyu na kailangang matugunan. Kung may demokratikong konsultasyon at mapagpasyang pagdedesisyon, marami ang maaring makamit sa susunod na tatlong taon para sa higit na alagwa sa dangal, kagalingan at serbisyo publiko ng UP Diliman. Dito rin maipadarama na ang kalinga at damayan ay hindi lang madarama kundi mabilis na naipapaabot sa pinaglilingkuran.

Sa partikular, ang mga sumusunod ang imumungkahi kong inisyal na gawin bilang isang chancellor.

Sa usapin ng serbisyo publiko, higit na magkaroon ng puwang at sandali ang UP sa pagiging responsibo at pro-aktibo sa kanyang mga programa at disiplina sa mas malaking sambayanang dahilan ng kanyang pagkatatag at pinaglilingkuran ng unibersidad.

- rebitalisasyon ng programa ng boluntarismo, tulad at higit pa sa Pahinungod, para sa mag-aaral, fakulti, kawani, REPS at alumni;
- paunlarin ang kakayahan ng Office of the Vice Chancellor for Research and Development na kongkreto at sistematikong makapaghikayat ng kolaborasyong interdisiplinaryal para sa panlabas na pagtugon, tulad ng disaster management and preparedness, usaping pangkapayapaan, extra-judicial killings, external na relasyon sa China, at iba pa;
- gumawa ng inisyatiba na interdisiplinaryal online learning portal para sa pagpapalaganap ng mga aral mula sa ating karanasan sa batas militar at diktadurya;
- pahusayin ang pagbubukas sa mga fasilidad at programa (forum, seminar, performances, film showing, art exhibit) sa kampus para sa publiko;
- pagpapayabong ng mga sining at siyentipikong aktibidad sa kampus sa mas malaking publiko;
- pagiging prominente ng UP Diliman sa mga usapin at praxis ng interes ng mga naisantabing sektor, tulad ng lumad, maralitang tagalunsod, anakpawis, taong SOGIE (sexual orientation, gender identities and expressions), at iba pa;
- suporta sa DZUP, UP Theater at Film Center, Sentro ng Wikang Filipino, Center for Women's Studies, Center for International Studies, Third World Studies Center, Institute of Creative Writing at iba pang instityut at programa na may panlabas ding dimensiyon ng gawain at tulong sa papel ng UP bilang serbisyo publikong pamantasan;
- suporta sa harmonisasyon ng mga museo at arkibo sa kampus tungo sa mas malawakang operasyon at paglilingkod sa publiko.

Sa usapin ng akademikong kagalingan, kagyat na makapagpatupad ng nananatiling makabuluhan at liberal na general educations program, pati ang rebisyon ng mga akademikong programa sa susunod na tatlong taon, maging ang pagyabong ng mga bagong programang kinakailangang gampanan ng UP Diliman:

- napapanahong pagtalaga at pag-implementa ng bagong general education curriculum na may hamig sa usaping makabayan na may pagbalanse sa

internasyonalismo, habambuhay na kahusayan sa pag-aaral, at kritikalidad at pagiging malikhain sa panunuri;

- pagsinsin sa prosesong kurikular para makaagapay sa malawakang rebisyon ng mga akademikong programa, kasama ang mga bagong akademikong programa;
- pagsuporta sa mga pananaliksik na nanghihimok ng interdisiplinaryong kolaborasyon kasama na ang inter-kampus, inter-university, at maging internasyonal na antas, pati na rin ang pagtatatag ng isang sityo para sa interdisiplinaryong research hub para may pisikal na sentro ang ganitong diin sa pananaliksik;
- paghahanda sa pagsasakatuparan ng 24/7 knowledge production sa kampus sa pamamagitan ng angkop, ligtas at may amenidad nailidad at kapaligiran;
- pagdaragdag ng pondo sa Research Development Grant para mas marami ang partisipasyon ng fakulti, kawani, REPS at mag-aaral sa mga pambansa at internasyonal na kumperensya, media programming, pagtatanghal, at iba pa;
- pagtalaga ng sistema ng suporta para sa mahuhusay na journal ng mga kolehiyong nakapanghihimok ng kontribusyon mula sa loob at labas ng UP at sa labas ng bansa para makamit ang CHED, SCOPUS at ISI ratings;
- sa pakikipagtulungan sa UP Press, maglaan ng pondo para sa book series sa mga napakahalagang akademikong at panlipunang isyu na may multi- at interdisiplinaryong katangian;
- pagtataguyod ng pondo para sa “book seminar” na ang mga kontribyutor mula sa napiling multi- at interdisiplinaryong tematikong proposal ay makakapunta sa UP Diliman para pag-usapan ang kanilang proyekto, kasama ang paglalathala ng mga pag-aaral;
- palalawakin ang suporta para sa modernisasyon ng klasrum at pasilidad, pag-iinstall ng LCD, wi-fi at computer nooks;
- pagsinsin at paglililaw ng proseso ng pag-employo ng foreign faculty, lampas sa taunang renewal, napapanahon sa pagsisimula ng akademikong taon, pati na rin mga kapantay na benefisyo para sa kanila;
- rebyu ng akademikong kalendaryo matapos ng may tatlong taong implementasyon;
- pagtayo muli ng Faculty Center bilang tahanan ng Kolehiyo ng Arte at Literatura;
- pagtatatag ng gusali sa pagdaraos ng mga seminar at kumperensya sa UP Diliman;
- renobasyon ng Main Library at pagtatalaga ng bagong modernong gusali para sa Archives ng Unibersidad para sa higit na kaligtasan ng mga materyales at dokumento nito, at maglalaman ngilidad para sa digitisasyon ng mga rekord ng pamantasan, mga kolehiyo at unit at maging individual na fakulti;
- book allowance bilang karagdagang benefisyo ng fakulti, kawani at REPS;
- rebyu ng land use plan ng UP Diliman.

Sa gawaing administratibo, kapakanan ng fakulti, kawani at REPS, ang direksyon ay tungo sa paggawang simple, efisyente at mabilis ang pagtugon sa mga individual na isyu at apila, pati ang kapantayan ng turing sa estado ng mga pinaglilingkurang sektor nito.

- pagsisinsin (paggawang simple, malinaw, mabilis, malinaw ang chain of command at apila) ng mga gawaing administratibo, pati ang enrollment, prerogative, mga apela ng mag-aaral, promotion at angkop na grievance process sa promotion, hiring, renewal, at iba pa;
- napapanahong seleksyon at pagpili ng mga puno ng mga unit para sa efisyenteng transisyon;
- pagpapaunlad at dagdagan ang bagong henerasyon ng housing units para sa mga fakulti, kawani at REPS;
- pagpupursigi para sa regularisasyon ng mga manggagawa sa UP bilang administratibong polisiya;
- pagpapatupad sa benefisyo ng mga fakulti, kawani at REPS;
- capacity building para sa fakulti, kawani at REPS;
- pag-aaral ng epektibong lokasyon para sa mga opisina ng UP Diliman para higit na makatugon sa kahilingan ng kanyang pinaglilingkurang, kadikit ng rebyu ng land use plan.

Sa gawaing komunidad, kailangang maipadama ang mapagkalinga't may damayan na kultura angkop sa isang akademikong komunidad.

- pagpapalawak ng implementasyon ng carless oval sa UP academic oval;
- pagpapalaganap ng operasyon ng elektronikong jeepney;
- capacity building para sa seguridad ng UP, pati sa disaster preparedness nito;
- programa sa pagpapaunlad ng sports at isyung pangkalusugan sa kampus, kasama ang pagtatalaga ng health hubs sa kampus;
- aksesibilidad ng mga palabas, pagtatanghal at forum sa kampus sa publiko, maging seguridad ng mga dumadalo;
- pagpapaunlad sa Arboretum bilang publikong parke;
- pag-inbentaryo sa kaligtasan ng mga gusali at fasilidad, at angkop na pagtugon sa mga kahinaan ng mga ito;
- pag-inbentaryo ng nalalabing maaring gamitin na lugar sa akademikong erya ng UP Diliman para sa mas rasyonal na pagplaplano sa akademiko at pangkomunidad na pag-unlad nito.

Sa suportang mag-aaral, ang pagtugon sa mga ekonomiko, politikal at kultural na mga kahilingan para sa kanilang paglagi sa UP Diliman na mapagkalinga't damayan na kultura.

- pagpursugi sa institusyonalisasyon ng libreng matrikula, pati ang paglilibre ng miscellaneous and other fees;
- pag-aaral sa isyu ng higit pang demokratisasyon ng akses sa edukasyong UP;
- pagtiyak ng suporta sa faculty hiring at upgrade sa fasilidad para sa mas efisyenteng pagtugon sa usapin ng enrollment sa mga klase;

- pagpapaunlad ng bagong henerasyon ng dormitoryo sa loob ng kampus para sa mag-aaral;
- pagsuporta sa pag-aaral sa mga internasyonal na unibersidad o partisipasyon sa mga kumperensya, pagtatanghal, sports event, at iba pa, kasama ang libreng pondo, malinaw na sistema ng akreditasyon, at iba pa;
- research at creative funds para sa mag-aaral;
- sostenido at across-the-board na suporta sa pag-unlad ng mga varsity teams;
- sustenidong suporta sa mga natatanging performing at arts na grupo, pati syentipikong grupo ng mag-aaral;
- pagbubukas ng mga opisina sa regular at napapanahong konsultasyon sa mga kahilingan, isyu at konsern ng mag-aaral.

Sa rehiyonal at global na ugnayan, mabuti ang mga benchmark pero kailangang may pagtugon sa pambansang pangangailangan at kontekto ng pagkatuto.

- pagsuporta sa mga internasyonal na kumperensya ng mga unit;
- pagsuporta sa pagbase ng mga internasyonal na akademikong organisasyon sa kampus;
- pag-inisyatiba sa pamumuno ng mga larangang mapapamunuan ng UP Diliman sa rehiyon at global na akademya, tulad ng Araling Pilipinas, pagtuturo ng wikang Filipino, English as a second language, at iba pa.

Sa suporta alumni bilang mas instityusonalisado at sostenido simula pagtatapos hanggang sa pamumukadkad sa darating na mga panahon.

- pagtalaga ng Opisina ng Alumni sa UP Diliman;
- mga programa para sa mabilis na pag-uugnay sa bagong nagsipagtapos, tracking, at pati napapanahon at pangmatagalang programa para sa alumni;
- online informasyon sa alumni, maging sa publiko, para sa mga kaganapan, isyu at konsern ng UP.

Magaling ang UP dahil magaling ang mga mag-aaral, fakulti, kawani, REPS, at alumni nito. Ngunit ang anumang kagalingan ng UP ay kailangang maging sostenido, demokratiko at nakamit dahil may mapagkalinga at may damayan na kultura. Kung wala nito, walang lubos na halaga, dating at epekto ang kagalingan. Mabilis man ang tatlong taon, marami pa ring mapagpasyang magagawa tungo sa mga layuning malaya at mapagpalaya, tungo sa higit na realisasyon ng UP sa kanyang motto na dangal, kagalingan at serbisyo publiko.